

MALIMIT NA MGA TANONG (FAQ's)
PAHAYAG NG MAY-ARI NG BAGONG KONSTRUKSIYONG ARI-ARIAN – 2017

1. Bakit ako nakakatanggap ng pahayag na ito?

Ang Assessor-Recorder ay kinakailangan ng batas mapahalagahan ang anumang mga bagong konstruksiyong umuunlad sa bawat Enero 1.

2. Bakit ako nakakatanggap ng maraming forms?

Kung ikaw ay nag-apply ng maramihang permit, natanggap mo ang isang hiwalay na form para sa bawat permit. Maaari mong punan ang isang form para sa buong proyekto, ngunit mangyaring mag-attach sa lahat ng mga form at ibalik ang mga ito nang magkakasama.

3. Sa ilalim ng anong kapangyarihan ang hiling ng impormasyong ito o ang pagreassess ng aking ari-arian?

Ang seksyon 441 (d) ng California Revenue and Taxation Code ay nagpapahintulot sa Assessor upang hilingin ang impormasyong ito at i-assess ang anumang mga bagong konstruksiyon sa Enero 1 (Seksyon 50 at 401.3).

4. Paano kung ang konstruksiyon ay hindi pa nagsimula?

Mangyaring suriin ang kahon sa tuktok ng pahayag at kumpletuhin ang seksyon 1 at 3.

5. Paano kung ang konstruksiyon ay hindi pa natapos?

Mangyaring bigyan kami ng halaga ng pagtatayo na natapos sa Enero 1, 2017.

6. Paano kung nagpasya akong hindi ituloy ang konstruksiyon?

Kung hindi mo itutuloy ang anumang trabaho sa ilalim ng permit number, sabihin lang sa Kahon 7- Walang trabaho ang makukumpleto sa ilalim ng permit na ito. Lagdaan at petsahan ang likod ng form sa Seksyon 3. I-notify ang Department of Building Inspection (DBI) upang kanselahin ang permit at alisin ang pangalan at permit number mula sa hinaharap na pag-mail. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang website sa www.sfdbi.org.

7. Paano kung wala akong inupahang kontratista at ang paggawa ng trabaho ay sarili ko?

Ipahiwatig sa box para sa 'Contractor' na ginagawa mo ang trabaho na sarili mo lang.

8. Paano ko matatantya ang porsyento na nakumpleto sa Enero 1, 2017?

Gamitin ang halaga na iyong ginugol sa Enero 1, 2017 at hatiin sa iyong kabuuang gastos na tinatantya para sa buong proyekto (sa oras na makumpleto) upang makuha ang porsyento. Ito ay isang paunang pagtatantya at maaaring mag-iba ang iyong panghuling pagtatasa.

9. Ang aking total na tinantyang gastos ba ang gagamitin bilang halaga sa pagkumpleto ng proyekto?

Depende iyon. Ang iyong porsyentong ginastos sa Enero 1, 2016 at ang iyong tinatayang total na gastos ay isang pagtatantya lamang. Sa pagkumpleto ng konstruksiyon, kinakailangan gawin ng Assessor ang isang mas masusing pagtatasa upang matukoy ang halaga ng fair market value na naidagdag.

10. Paano kung ang ginagawa ay pagkumpuni lamang ng aking bubong, pagpipinta ng aking bahay, pag-aayos ng pagkabulok, atbp?

Sabihin sa Kahon 1 ng Seksyon 2 (pagkukumpuni at iba pa). Tutukuyin ng appraiser ang assessability.

11. Bakit kailangan ko pang gumuhit ng isang diagram kahit na inihain ko na ang mga plano sa Department of Building Inspection?

Ang Assessor-Recorder ay hindi tumatanggap ng mga kopya ng iyong mga planong gusali. Kung mayroon kang isang kopya, maaari mong isumite ito sa halip na ang pagguhit ng diagram.

12. Kailangan bang inspeksiyunin ang ari-arian?

Sa ibang araw maaari naming hilingin na gawin ang isang inspeksyon. Mangyaring tiyaking magbigay ng iyong pang araw na numero ng telepono.

13. Magkanong karagdagang buwis ng ari-arian ang aking babayaran?

Ang pagtaas sa mga buwis ay batay sa idinagdag na pagtatasa na minultiplika sa rate ng buwis (halimbawa - \$ 50,000 x 1.1826% rate ng buwis = \$ 591.30 / taon).

14. Kailan ako dapat magbayad ng karagdagang mga buwis? Ako ba ay tatanggap ng isa pang bill?

Para sa isang progress assessment sa Enero 1, ang mga karagdagang buwis ay idadagdag sa iyong regular tax bill para sa taong piskal na 2017-2018. Kung ang konstruksiyon ay nakumpleto, makakatanggap ka ng karagdagang singil sa buwis (supplemental tax bill).

15. Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa tinasang halaga na bagong konstruksiyon?

Pagkatapos mong matanggap ang Abiso ng Tinasang Halaga (Notice of Assessed Value) sa Hulyo 2017, at hindi ka sumasang-ayon sa halaga, maaari kang humiling ng isang impormal na pagsusuri ng pagtatasa sa Opisina ng Assessor-Recorder. Kung naniniwala ka na ang pagsusuri ay hindi magreresulta sa isang kasiya-siyang konklusyon, dapat kang mag-file ng isang pormal na apela ng pagtatasa sa Assessment Appeals Board hindi lalampas ng Setyembre 15, 2017. Para sa impormasyon ng pag-file, mangyaring makipag-ugnay sa Assessment Appeals Board sa <http://sfbos.org/index.aspx?page=3696>.

***Sa kaganapan ng anumang pagkakasalungatan sa pagitan ng Ingles na bersyon at ang mga isinalin na bersyon, ang Ingles na bersyon ay mangingibabaw, sa lawak ng naturang hindi pagkakatugma o salungatan*